

Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School Gamit ang Teknolohiya

Jeannievei P. Barlaan, Cristina L. Javier, Ph.D

Mangatarem National High School

PSU School of Advance Study

jeannievei.barlaan@deped.gov.ph, cristinajavuer77@gmail.com

Abstrak – Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Senior High School ika labindalawang baitang (Grade 12) ng Mangatarem National High School Taong Panuruan 2019-2020 sa pagsulat ng sanaysay gamit ang teknolohiya. Animnapung mag-aaral ang naging respondente ng pag-aaral. Sa unang suliranin, lumabas sa pag-aaral na mas marami ang bilang ng mga mag-aaral na kababaihan at nabibilang sa HUMSS strand gumagamit ang teknolohiya sa pakikipagkomunikasyon. Sa ikalawang suliranin naman ay natuklasan na may mataas na kakayahan sa pagsusulat ng sanaysay ang mga mag-aaral gamit ang teknolohiya na may kinalaman sa elemento ng sanaysay. At para sa panghuling suliranin, nakita ng mananaliksik na ang demograpikong profayl ay walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga Senior High School gamit ang teknolohiya. bilang kongklusyon sa mga natuklasan, ang mga guro at mag-aaral, ay kailangang isaalang-alang ang tamang paggamit ng teknolohiya upang lalong malaman ang mga naidudulot nito at mga dapat iwasan pa para sa ikagaganda ng kanilang akdang pampanitikan o ang pagsulat ng sanaysay at ikalalawak ng kanilang kaalaman. Sanayin ng mga mag-aaral ang pagsulat ng sanaysay upang makilala ang mga elemento nito at ay kailangang bigyang pansin ang pagsulat ng sanaysay sa Filipino gamit man ang teknolohiya o hindi upang mahasa ang kanilang kasanayan at kakayahan sa pagsulat lalo na sa sanaysay.

Mga Susing Salita – Kakayahan, Pagsulat, Sanaysay, Teknolohiya.

KALIGIRAN NG PAG-AARAL

Napakahalaga ang papel na ginagampanan ng teknolohiya sa kasalukuyan, ito ang nagiging kasangkapan tungo sa kapayapaan ng bansang Filipinas at siya ring isa sa daluyan na nakapagpapabilis sa pakikipagkomunikasyon ng mga tao sa loob at labas ng bansa. Bukod pa rito ay napapadali rin nito ang pamumuhay ng tao tungo sa kaunlaran. Bawat henerasyon maraming kahalagahan ang naitambag ng teknolohiya sa pang-araw-araw na gawain ng mga tao lalong lalo na ang pagpapadali at pagpapabilis sa pagkalat o paghatid ng impormasyon sa isang bansa, at sa komunidad.

Sa pag-aaral ni Gamboa [1] sa kanyang pag-aaral na “Paggamit ng Milenyong Wika sa Pagsulat ng kathang Sanaysay”. Lumabas na gamit

ang teknolohiya ay nagkakaroon ng mga bagong salita tulad na lamang ng wikang milenyong at pinoyslang (sumibol o umusbong na salita) ang kadalasang bukambibig at ginagamit sa kanilang kathang sanaysay, ang mga ito ay *bae, werpa, petmalu, lodi, bes, pabebe, vaklang too, arat, beast mode, ninja moves, walwalan, eme-eme, poreber, e di wow, havey at waley*. Natuklasan rin sa isinagawang pag-aaral na may mga ilang mag-aaral ang gumagamit ng *Taglish* (pinaghalong Tagalog at English) sa kanilang kathang sanaysay upang mailahad ang kanilang matinding ekspresyon. Para naman kay Abadilla [2], isang Filipinong mananaysay, ang salitang sanaysay ay isang nakasulat na karanasan ng isang sanay sa pagsasalaysay. Ito ay nagmula sa salita na *sanay* at *pagsasalaysay*. Ito ay isang panitikang tuluyan na naglalahad ng opinyon, kuro-kuro, damdamin,

kaisipan, saloobin, at iba pang manunulat hinggil sa isang makabuluhan, mahalaga, at napapanahong paksa o isyu.

Ayon naman kina Purcell, Buchanan, and Friedrich [3] na nagsagawa ng survey sa 2, 462 Advanced Placement ang National Writing Project. Binanggit sa pag-aaral na mayroon positibong resulta na naidudulot ang paggamit ng digital tools sa kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral. Ang mga guro ay nagsabi na ang internet at digital technologies tulad ng social networking sites, cellphones at texting ay nakatutulong sa sariling pagpapahayag at pagkamalikhain tungo sa pagpapalawig ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

Sa isang pananaliksik ang isinagawa ni Oco [4] na may pamagat na "*Statistic-based Rule Generation for Filipino Style and Grammar Checking.*" Ang kasalukuyang ginawa sa pag-aaral ay sinuri ang lawak ng linggwistika upang makabuo ng tamang gawain na tinatawag na data driven. Kapag sinabing data, ito ang magwawasto ng baryasyon at pangungusap. Layunin nito na iwasto ang paggamit ng istilo at gramatika. Sa ganitong paraan, umasa ang teknolohiya sa kasalukuyan na mabago ang manwal na panuntunan, marami kasing oras na naaaksaya sa proseso at iba pang gawain.

Dahil dito nagkaroon ng ideya at pagnanais ang mananaliksik na saliksikin at alamin ang ilan sa mga antas na epekto ng teknolohiya sa akademikong pasulat ng sanaysay ng mga *Senior High School* nang sa gayon ay mabawasan at maiwasan nila ang mga ganitong suliranin na kanilang nararanasan.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na kumalap ng impormasyong kinakailangan para tuklasin ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay gamit ang teknolohiya ng mga ika-labindalawang baitang (grade 12) *Senior High School* ng Mangatarem National High School, Mangatarem, Pangasinan sa Panuruang Taon 2019-2020. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang demograpikong profayl ng mga mag-aaral batay sa Edad, Kasarian, Strand/Kurso, Gadyet na madalas ginagamit, Dalas sa paggamit ng teknolohiya, Apps na kadalasang binubuksan gamit ang teknolohiya, at Dahilan sa

paggamit ng teknolohiya. inilarawan ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga Senior High School gamit ang teknolohiya ayon sa elemento ng sanaysay (Anyo/Estruktura, Kaisipan, Tema, Larawang Diwa, at Mekaniks. Inilarawan din ang makabuluhang pagkakaiba ng demograpikong profayl at ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga Senior High School gamit ang teknolohiya ayon sa elementong nabanggit.

Lahat ng resulta ay ibinatay sa 0.05 antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga senior high school gamit ang teknolohiya.

MATERIALES AT METODOLOHIYA

Ang ginamit na desinyo ng pananaliksik sap ag-aaral na ito ay ang deskriptibong paglalarawan upang malaman ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga Senior High School gamit ang teknolohiya. Pipili ng isang paksa na ibibigay ng mananaliksik upang malaman ang antas ng kakayahan nila sa pagsulat ng sanaysay. Ito ang pamamaraang ginamit ng mananaliksik upang maanalisa, masuri, at matabyulet ang mga datos ng demograpikong profayl ng mga mag-aaral at upang makalap ang mga kinakailangang katibayan sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat nila ng sanaysay.

Instrumentasyon

Ang mananaliksik ay gumamit ng balidong talatanungan upang makalap ang mga mahahalagang datos na kinakailangan sa pag-aaral na ito. Ang talatanungang ito ay naglalaman ng demograpikong profayl ng mga mag-aaral at ang mga tanong sa pagtataya sa antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga senior high school gamit ang teknolohiya ginamit ang mga eksperto sa Filipino upang masuri ang nilikhang sanaysay ng mga ikalabing dalawang baitang (Grade 12) ng Senior High School. Ginamit ng mananaliksik ang naging resulta ng isinulat na sanaysay ng mga respondente upang alamin kung may makabuluhang pagkakaiba ang demograpikong propayl sa antas ng kakayanhan sa pagsulat ng sanaysay.

Istatistikal na Pagsusuri ng mga Datos

Ang pag-aaral na ito ay dumaaan sa masusing pagsusuri gamit ang istadistika. gumamit ng frequency counts, at percentage na istadistika upang matukoy ang demograpikong profayl ng mga mag-aaral. sa pagtrato naming pang-istadistika sa antas na kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga senior high school gamit ang teknolohiya ay gumamit ng average weighted mean. Matapos nito ginamitan naman ng frequency counts ang suliranin sa makabuluhang pagkakaiba ng demograpikong profayl at antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga senior high school gamit ang teknolohiya.

PAGLALAHAD AT PAGSUSURI NG MGA DATOS

Makikita sa talahanayan 1 may tatlumpot anim (36) o 58.3 % ang may edad na labing walong taong gulang (18), apatnapu't tatlong (43) o 71.7% sa kasarian ng mga kababaihan, ito ay sinang-ayunan sa pag-aaral na ginawa ni Regondola [5] na pinamagatang "Epekto ng Gadyets sa Mag-aaral" na kung saan mayroong bahagdan na limampu't apat (54) mula sa kabuuang bahagdan na isangdaan (100) nagsasaad na mas maraming kababaihan ang gumagamit ng teknolohiya kaysa sa kalalakihan, Dagdag pa rito ang pag-aaral na isinagawa nina Williams [6] na pinamagatang "Effects of Technology on Critical Thinking and Essay Writing Among Gifted Adolescents" ay lumabas na mas maraming kababaihan ang nakapagsusulat ng maayos at magandang sanaysay na kung saan mayroon itong kabuuang marka na 4.1 kaysa sa mga kalalakihan. Dalawampu't apat (24) o 40% sa strand/kurso ng HUMSS, limampu't tatlo (53) o 88.3 % na cellphone ang gadyet na madalas ginagamit ng mga mag-aaral, Sinang-ayunan ito ni Victorio [7] sa kanyang isinagawang pag-aaral na pinamagatang "Paggamit ng Social Networking Sites (SNS) sa Pagtuturo ng mga Guro sa Senior High School" lumabas na mayroong limampu't

siyam (59) na bilang o 98.3 na bahagdan ang kadalasang gumagamit ng cellphone. Dagdag pa rito sa pag-aaral nina De Torres et.al [8] na may pamagat na "Epekto ng makabagong teknolohiya sa mga mag-aaral ng Senior High School sa ika-labing isang antas ng Tanauan Institute INC". nakitang may malaking epekto ang makabagong teknolohiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nawawalan ng pokus ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral dahil nakatuon ang kanilang pansin sa mga *online games at social media*. Ang ganitong uri ng gawain ay hindi magdudulot o magbubunga ng maganda lalo na kung ang pagkatuto ng mga mag-aaral ang nakasalalay.

. May dalawampu't walo (28) o 46.7 % sa 4-5 na oras ang paggugol sa paggamit ng teknolohiya, (23) o 38.3 % sa facebook apps na kadalasang binubuksan gamit ang teknolohiya, Ito ay sinang-ayunan sa pag-aaral na isinagawa ni Albay [9] na may pamagat na "Epekto ng paggamit ng Facebook sa pag-aaral ng Wikang Filipino sa mga Mag-aaral ng Senior High School". Natuklasang mas marami ang bilang ng mga mag-aaral ang gumagamit ng facebook na mayroong 53.5 porsyento (%) at ayon sap ag-aaral nina Danah Boyd [10], ginagamit ang internet upang makalikha ng liham o mensahe upang makagawa ng isang komunikasyon. Ayon sa kanya na ang kadalasang ginagamit sa pakikipagtalastasan o pakikipagkomunikasyon ay ang facebook, sa kadahilanang madali itong gamitin. Sa panahon ngayon ito na ang talamak o kadalasang ginagamit ng mga kabataan sapagkat gamit nito ay maaari mo na ring makita ang taong konektado sa gawaing ito hindi kagaya noon na hanggang sa sulat kamay mo na lamang mararamdaman ang presensya nito.

. Samantala, lumabas rin sa kanilang pag-aaral na ang edad labingpitong taong gulang na may 55.75% ang may malaking porsyento sa paggamit ng teknolohiya at panghuli may dalawampu't isa (21) o 41.7 % sa pakikipagkomunikasyon na kanilang dahilan sa paggamit ng teknolohiya. tiningnan ito upang makita ang sanhi o impluwensiya nito sa mga mag-aaral sa kanilang pagsulat ng sanaysay.

Talahanayan 1
Demograpikong Profayl ng mga Mag-aaral
N = 60

		Frequency	Percent
Edad	18.00	35	58.3
	17.00	15	25.0
	20.00	6	10.0
	19.00	4	6.7
Kasarian	Babae	43	71.7
	Lalaki	17	28.3
Strand	HUMSS	24	40.0
	STEM	14	23.3
	ICT	12	20.0
	ABM	10	16.7
Gadyet na Madalas Ginagamit	Cellphone	53	88.3
	Laptop	5	8.3
	Desktop	2	3.3
	Total	60	100.0
Dalas sa Paggamit ng Teknolohiya	4-5 oras kada araw	28	46.7
	6-10 oras sa isang araw	20	33.3
	1-3 Oras sa isang araw	12	20.0
Apps na kadalasang Binubuksan Gamit ang Teknolohiya	Facebook	23	38.3
	Messenger	13	21.7
	Youtube	10	16.7
	Instagram	5	8.3
	Online Games	5	8.3
	Twitter	2	3.3
	at iba pa	2	3.3
Dahilan sa Paggamit ng Teknolohiya	Pakikipagkomunikasyon	25	41.7
	Paglilibang	22	36.7
	Paghahanap ng Impormasyon	9	15.0
	Pakikipag-ugnayan	4	6.7
	Total	60	100.0

Makikita sa talahanayan 2 na may 2.95 na mean nagsasaad na may mataas na kakayahan (MK) sa pagsulat ng sanaysay na may kinalaman sa anyo/estruktura, Ito ay sinang-ayunan din sa natuklasan ni Quiñola [11] sa kanyang pananaliksik na ang mga mag-aaral sa ika-8 taon sa mataas na paaralan ng San Juan La Union ay medyo may mataas na kakayahan sa pagsulat ng pabula lalo na sa paglalahad ng maayos at may kaisahan na pagbabalangkas ng isang akdang pampanitikan. 2.9 na mean naman na nagsasaad na may mataas na kakayahan (MK) sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral na may kinalaman sa kaisipan pinatunayan ito ni Cerami [12] na may pamagat na “Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay” lumabas na may dalawampu’t siyam (29) at may *mean* na 48.33 na may mataas na kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sapagkat nasa

halos kalahati sa bahagdan ang nagkamit nito. Sinasabi rin na may makatotohanan ang pagpapahayag at may malinaw na pagsasalaysay sa mga kaganapan ng mga mag-aaral. Sa tema mayroong 2.54 na mean na nagsasaad na may bahagyang mababang kakayahan (BMK) sa pagsulat ng sanaysay, 2.49 naman sa larawang diwa nagsasaad na may bahagyang mababang kakayahan (BMK) sa pagsulat, at sa mekaniks ay may 2.53 mean na nagsasaad ng bahagyang mababang kakayahan (BMK) sa pagsulat ng sanaysay, Sinang-ayunan naman ito ni Nik [13] sa kanyang pag-aaral na kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at sa mga salik na nakakaapekto sa kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa *English as Second Language (ESL)*, katulad ng nilalaman, bokabularyo, organisasyon, gamit ng wika at mekaniks sa pagsulat ay lumabas na ang suliraning kinakaharap

ng mga mag-aaral sa pagsulat ay ang ginagamit na lenggwaha na kung saan kailangan nilang matutuhan ang tamang gamit ng grammar, *syntactic structure*, bokabularyo, retorika at idyoma. Sapagkat inilahad rin na ang pagsusulat ay mahirap para sa mga mag-aaral at ang paggamit ng wastong gramatika at iba pang bahagi ng pananalita ay siyang nagiging sagabal sa nagpapahirap sa mga

mag-aaral sa pagsulat. Sa kabuuang resulta ng pag-aaral sa antas na kakayahang pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral lumalabas na mayroong *mean* na 2.685 na nasa antas **mataas na kakayahan** sa pagsulat ng sanaysay gamit ang teknolohiya ito ay nangangahulugan na medyo mayroon nang kaunting kaalaman silang magsulat ng sanaysay batay sa elementong taglay nito.

Talahanayan 2

Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School Gamit ang Teknolohiya ayon sa Elemento ng Sanaysay

		5	4	3	2	1	Mean	Deskripsyon
A. ANYO/ ESTRUKTURA	1. Gumamit ng transisyunal na pantulong sa kalinawan ng mga ideya.	9	14	22	14	1	3.27	MK
	2. Maayos na pagkakasunod-sunod ng mga ideya.	5	18	21	14	2	3.17	MK
	3. Malinaw na nailahad ang paksa at may suporta direkta sa punto.	5	12	25	15	3	3.02	MK
	4. Gumamit ng payak na wika	2	8	26	23	1	2.78	MK
	5. Masining na pagpapahayag ng mga ideya.	1	7	22	23	7	2.53	BMK
	Over –all	2.95 (Mataas na Kakayahan)						
B. KAISIPAN	1. Makatotohanan ang pagpapahayag ng mga ideya sa loob ng sanaysay	4	19	27	10	0	3.28	MK
	2. Malinaw na nailahad ang mga ideyang may kaugnay sa paksa.	2	13	25	17	3	2.9	MK
	3. Madaling maintindihan ang paglalahad ng mga ideya/kaisipan.	0	14	24	19	3	2.82	MK
	4. May dalang aral.	4	8	26	17	5	2.82	MK
	5. Mahusay ang pagkakaayos-ayos ng kaisipan.	3	12	18	18	9	2.7	MK
	Over –all	2.9 (Mataas na Kakayahan)						
C. TEMA	1. May napapanahong tema	0	9	21	30	0	2.65	MK
	2. Lantad ang tema ng sanaysay	1	4	26	27	2	2.58	BMK
	3. Malinaw na paglalahad	1	7	26	17	9	2.57	BMK
	4. Madaling makilala ang ginamit na tema.	1	5	23	27	4	2.53	BMK
	5. Malikhain at angkop na tema	0	2	26	25	7	2.38	BMK
	Over –all	2.54 (Bahagyang Mababang Kakayahan)						
D. LARAWANG DIWA	1. May makatotohanang diwa	0	5	35	19	1	2.73	MK
	2. Malinaw ang paglalarawan	0	10	24	21	5	2.65	MK
	3. Makahulugan ang diwa	0	3	33	22	2	2.62	MK
	4. May kaayaaya at buhay na salaysay	0	13	12	24	11	2.45	BMK
	5. May matalinghagang pahayag	1	5	8	26	20	2.02	BMK
	Over –all	2.49 (Bahagyang Mababang Kakayahan)						
E. MEKANIKS	1. Paggamit ng wastong maliit at malaking titik sa pagsulat ng sanaysay.	1	9	29	16	5	2.75	MK
	2. Gumamit ng wastong sukat ng margin o indention sa pagsulat ng sanaysay (indented, full block at modified style).	1	6	27	21	5	2.62	MK

	3. Wasto ang pagbabaybay ng mga salita.	0	6	23	22	9	2.43	BMK	
	4. Wastong gamit ng mga bantas gaya ng (tuldok, kuwit, pananong ,padamdang, gitling, panipi, panaklong at iba pa).	2	5	17	23	13	2.33	BMK	
	Over –all							2.53	
								(Bahagyang Mababang Kakayahan)	
Grand Mean								2.685	
								(Mataas na Kakayahan)	

Note: 4.21-5.00 Pinakamataas na Kakayahan (5); 3.41-4.20 Bahagyang Pinakamataas na Kakayahan (4); 2.61-3.40 Mataas na Kakayahan (3); 1.81-2.60 Bahagyang Mababang Kakayahan (2); 1.0-1.80 Mababang Kakayahan (1).

Makikita sa talahanayan 3 na **walang makabuluhang pagkakaiba** ang demograpikong profayl sa antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga Senior High School gamit ang teknolohiya. Ito ay dahil, mas mataas ang resulta ng *significance value* na nasa talahanayan kaysa sa 0.05 *level of significance*. na kung mapapansin ang *significance value* ng edad ay nasa 0.887 , ang kasarian ay nasa 0.135, ang strand naman ay may 0.055, sa gadyet na madalas ginagamit ay may 0.052, dalas sa paggamit ng teknolohiya ay may 0.199, para naman sa apps na kadalasang binubuksan gamit ang teknolohiya ay may *significance value* na 0.533, at ang panghuli ay ang dahilan sa paggamit ng teknolohiya ng mga mag-aaral ay may *significance value* na 0.267. ito ay sinang-ayunan sap ag-aaral ni Julie Coleman [14], awtor ng *The life of Slang*, ang mga nalilikhang

salita ay kumakalat sa buong mundo sa loob lamang ng linggo at buwan, samantalang kung ihahambing sa panahon noon ay umaabot pa ng ilang taon at ang paglaganap ng mga salitang ito ay sinasabing dahil sa *Social Media*. “ at ayon kay Bernales [15]ang wika ay hindi nagbabago sa mabilis na panahon, teknolohiya ang umuunlad na nagbibigay daan sa mga terminong *slang* na higit na mabilis na naipapasa ng isang grupo sa iba”. kaya’t ang kabuuang hinuha sa pag-aaral na ito ay walang makabuluhang pagkakaiba ang demograpikong profayl sa antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaya ng mga Senior High School gamit ang teknolohiya.

Nangangahulugan na ang resulta sa pag-aaral na ito ay walang epekto ang demograpikong profayl ng mga mag-aaral sa antas ng kanilang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay gamit ang teknolohiya.

Talahanayan 3
Makabuluhang Pagkakaiba ng Demograpikong Profayl sa Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School gamit ang Teknolohiya
N = 60

Multivariate Tests^a				
Effect		Value	F	Sig.
Edad	Pillai's Trace	0.153	0.581	0.887
Kasarian	Pillai's Trace	0.141	1.770 ^b	0.135
Strand	Pillai's Trace	0.678	3.156	0.055
GMG	Pillai's Trace	0.3	1.906	0.052
DPT	Pillai's Trace	0.257	1.589	0.119
AKBGT	Pillai's Trace	0.489	0.958	0.533
DahPT	Pillai's Trace	0.303	1.212	0.267

Note: *Significance at 0.05 level

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Bilang kongklusyon, ay karamihan sa mga mag-aaral ay kababaihan at nabibilang sa HUMSS strand at ginagamit ang teknolohiya sa pakikipagkomunikasyon. May mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral pagdating sa pagsusulat ng sanaysay sa tulong ng paggamit nila ng teknolohiya. at panghuli ay walang makabuluhang pagkakaiba sa antas na kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga Senior High School gamit ang teknolohiya.

Batay sa mga kinalabasan at kongklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod na rekomendasyon upang magkaroon pa ng mas lalong mabisang pagkatuto, pag-unlad, at pagpapalawak ng kaalaman gamit ang teknolohiya at ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Una, Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin nang wasto ang teknolohiya sa kanilang pag-aaral at hindi lang sa pakikipagkomunikasyon. Pangalawa, Magkaroon ng patimpalak sa paaralan ukol sa pagsusulat ng mga akdang pampanitikan gaya ng sanaysay nang mas lalo pang mahikayat ang mga mag-aaral na gawing kahiligan ang pagsusulat at mabigyan rin ng pansin ang kalahagahan ng pagsusulat. Pangatlo, ang mga administrador ng paaralan ay kinakailangang magbigay ng suporta sa planong gawain na iminungkahi upang mapataas pang lalo ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Pangapat, magkaroon pa ng mga pagsulat na gawain na lilingang sa kakayahang pagpapahayag ng kaisipan ng mga mag-aaral. at panghuli, hikayatin pa ang mga guro na lumahok sa mga palihan na may kaugnayan sa paglinang ng kakayahan nila sa pagsulat.

REFERENCES

[1] Gamboa, Jonalyn R. (2018). **“Paggamit ng Milenyong Wika sa Pagsulat ng Kathang**

Sanaysay”. Pangasinan State University, Uradenta City, Pangasinan.

[2] Abadilla, Alejandro G. (2006). **Komunikasyon sa Filipino** 105 Engineering Road, Araneta University Village, Potero, Malabon City: Mutya Publishing House Inc.

[3] Purcell, K., Buchanan, J., & Friedrich, L (2013). **The Impact of Digital Tools on Student Writing is Taught in Schools**. National Writing Project. Retrieved September 20, 2015. From https://www.pewinternet.org/files/oldmedia/files/reports/2013/pip_NWP_Writing_and_Tech.pdf

[4] Oco, Nathaniel A. (2014). **“Statistics-based Rule Generation for Filipino Style and Grammar Checking Graduate Thesis Della Salle University”**. From Della Salle University online Library.

[5] Regondolla, Gellica (2017). **Epekto ng Gadyets sa mga Mag-aaral**. Retrieved August 8, 2016. From https://www.academia.edu/344613/EP_EKTO_NG_GADYETS_SA_MGA_MAG-AARAL

[6] Williams, David et.al (2010) **“Effects of Technology on Critical Thinking and Essay Writing Among Gifted Adolescents”**. Ball State University.

[7] Victorio, Jolly T. (2019). **“ Paggamit ng Social Media Networking Sites (SNS) sa pagtuturo ng mga Guro sa Senior High School”**. Di-Nalathalang Tesis. Pangasinan State University, Urdaneta City.

[8] De Torres, A., Halis, M., & Joven, C (2017). **Epekto ng Makabagong Teknolohiya sa Mga Mag-aaral ng**

**Senior High School sa Ika-labing isang
Antas ng Tanuan Institute INC.** From
[https://www.academia.edu/31494651/EPE
KTO NG MAKABAGONG TEKOLOH
IYA SA MGA MAG-
AARAL NG SENIOR HIGH SCHOOL
SA IKA-LABING ISANG ANTAS](https://www.academia.edu/31494651/EPE_KTO_NG_MAKABAGONG_TEKOLOH_IYA_SA_MGA_MAG-AARAL_NG_SENIOR_HIGH_SCHOOL_SA_IKA-LABING_ISANG_ANTAS)

- [9] Albay, Jonalyn (2017). **“Epekto ng Paggamit ng Facebook sa Pag-aaral ng Wikang Filipino sa Mag-aaral ng Senior High School”**. Unibersidad ng Pangasinan.
- [10] Danah Boyd et.al (2014). **Wikang Filipino, sa Makabagong Panahon**. Retrieved from <https://www.slideshare.net/mobile/armialeonardo/thesis-wikang-filipino-sa-makabagong-panahon>
- [11] Quiñola, Aisha O. (2016). **“Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Pabula”**. Di-Nalathalang Tesis. Pangasinan State University, Urdaneta City.
- [12] Cerami, Eduardo M. (2017). **“Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay”**. Di-Nalathalang Tesis. Pangasinan State University, Urdaneta City.
- [13] Nik, Yah A. (2005). **Factors Affecting the Writing Performance of Bachelor of Students: A Comparative Study in Student’s Writing Performance**. “Retrieved August 1, 2012 from <http://www.amazon.com/>
- [14] Coleman, Julie (2012). **The Life of Slang**. United States: Oxford University Press Inc., New York
- [15] Bernales, Rolando et.al (2019). **Filipino sa iba’t ibang Disiplina**. 105 Engineering Road, Araneta University Village, Potero, Malabon City: Mutya Publishing House Inc.